ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGGALUGAD SA KARANASAN NG MGA MAG-AARAL SA AKADEMIKONG PANANALIKSIK: POKUS SA PAGSASALIN

**Ivy Jean B. Baradillo**[1]
[1]*ORCID No. 0009-0008-1029-8345*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra19741
**DOI No: 10.36713/epra19741**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay tukuyin ang karanasan ng mga mag-aaral sa KCAST patungkol sa kanilang karanasan sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino. Ginamit ng pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik gamit ang penomenolohiyang pagdulog. Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng mga mag-aaral mula sa BSED Filipino na may kabuoang labing-apat (14). Lumitaw sa pag-aaral ang mga hamong naranasan ng mga kalahok katulad na lamang ng kakulangan sa kaalaman sa pagsasalin, pagkakaroon ng limitadong bokabularyo, kahirapan sa paghahanap ng salitang panumbas sa wikang Ingles tungo sa Filipino, at kahirapan sa pagsalin sa mga bagong terminolohiya. Hinarap nila ang mga hamong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahalagahan ng pag-aaral dahil ito ang pangunahing kinakailangan upang matuto, paggamit ng machine translator sa pagsasalin dahil may mga ibang salita na mahirap talagang hanapan ng katumbas, at huli, kahalagahan ng pagsasanay ay bigyang halaga, dahil isa ito sa may malaking ambag sa mga mananaliksik upang hindi masyadong mahirapan sa paghahanap ng tamang tumbas dahil marami nang bokabularyo ang nalalaman sa pagsasalin ng mga tamang salita. Binibigyang-katwiran nito ang layunin ng pananaliksik na imbestigahan ang mga hamong kinaharap dahil ang mga bagong resulta ay natagpuan at ipinaliwanag sa papel na ito.*

**MGA SUSING SALITA***: paggalugad, pagsasalin, karanasan ng mga mag-aaral, akademikong pananaliksik, kwalitatibo*

## INTRODUKSYON

Ang wika bilang pinakasentro ng komunikasyon ay itinuturing na mahalaga sa lahat ng antas ng katayuan ng tao. Lumilikha ito ng mga problema sa proseso ng komunikasyon at humahadlang sa iba't ibang pamantayan ng pag-unlad. Ang pagsasaling-wika ay ang proseso ng paglilipat ng kahulugan ng isang teksto mula sa isang wika patungo sa ibang wika na kung saan ay itinuturing na isang mahirap na proseso. Ang prosesong ito ay medyo mahirap sapagkat ang pagsasalin wika ay naaapektuhan hindi lamang ng kasanayan sa wika ng pinagmulan at wika ng target kundi pati na rin ng mga aspeto ng sosyokultural at ideolohikal sapagkat hindi ito direktang iminumungkahi (Napu & Hasan et al., 2019).

Sa bansang Indonesia, na kung saan ay mahalaga para sa kanila na matuto sa mga banyagang wika partikular na sa wikang Ingles. Ang pagtuturo ng pagsasalin ay isa sa kanilang naging paraan upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsasalin na maaaring kapaki-pakinabang upang patatagin ang pagbuo ng mga dayuhang wika para sa aktibong paggamit. Mayroong pag-aaral na kung saan ay may iilan sa mga mag-aaral ang nakitaan ng problema sa pagsasalin ng isang tekstong panlahat na naglalarawan mula sa Ingles patungo sa Bahasa Indonesia. Ang mga problema na naging pangunahing sanhi ng kanilang mababang kakayahan sa pagsasalin ay ang mga sumusunod; hindi wastong paggamit ng teknik ng pangkalahatang pagsasalin, hindi tamang paggamit ng teknik ng pagsangguni, estruktura ng wika ng layunin, pagbura ng kahulugan, hindi wastong paggamit ng literal na teknik, hindi pagkakaunawa sa konteksto, impluwensya ng wika ng layunin, pagdagdag ng kahulugan, kakulangan sa paghanap ng tamang katumbas, at hindi pagkakaunawa sa teksto ng pinagmulan (Astria & Rusdi Noor, 2020).

Sa bansang Pilipinas ay mayroon ding suliraning kinakaharap ukol sa kahirapan sa paghahanap ng tamang wikang panumbas sa mga salita na kung saan ay naging mahirap dahil sa kakulangan sa pagsasalin sa mga lokal na wika, kawalan ng pamantayan sa pagsasalin, kahirapan sa pagsasalin ng kultura, at kakulangan sa pagsasanay at kaalaman. Dahil Ingles ang gamit sa maraming larangan, ito ay nagiging hadlang sa pagkatuto ng mga tao sa paggamit ng ating sariling wika. Ang mga suliraning ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malawakang suporta at pagpapaunlad sa larangan ng paggamit ng wikang Filipino at pagsasalin sa bansa (Gonzales, 2018).

Ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay upang malaman ang naging karanasan maging ang mga hamon at suliranin ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik. Ang pagsasalin ay isang proseso ng paglilipat ng mensahe mula sa isang wika patungo sa isa pang wika, at ang pagsasalin ng mga akademikong teksto ay nagbibigay daan sa pagpapalaganap ng kaalaman sa iba't ibang kultura at bansa. Ang pagsasalin ay nagbibigay-daan sa mga mananaliksik sa Filipino na masusing suriin ang pananaw at kultura ng ibang mga manunulat mula sa iba't ibang wika. Ito ay nagbubukas ng mga pintuan sa iba't ibang paniniwala, tradisyon, at kaugalian. Kung kaya, ang pag-aaral na ito ay kailangang isagawa sa ngayon upang matuklasan natin ang mga karanasan, hamon at suliranin ng mga mag-aaral at para maagarang matugunan ang mga suliranin na kanilang kinakaharap, magkaroon ng solusyon na makatutulong sa pag-aaral na ito at makabubuo ng mga pangunahing pamaraan o estratehiya upang mapa-unlad ang wikang Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Higit pa rito, nagkaroon ng ilang pag-aaral tungkol sa pagsasaling-wika, partikular ang mga pag-aaral tungkol sa mga problemang nauugnay sa pagsasalin. May pagkakahalintulad ito sa pag-aaral nina Langga at Alico (2020) na may pamagat na "Students' Proficiency and Challenges in Filipino-to-English Translation: The Case of Filipino Senior High School Students in a Private Institution" na kung saan ang kanilang pag-aaral ay tumutukoy sa pagsasaling wika mula sa Filipino patungong Ingles na kung saan ay inalam nila ang hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalin batay sa kanilang pagkakamali sa pagsasalin. Kalakip din nito ang pag-aaral ni Anwar (2020) na may pamagat na "Strategies and Techniques of Translation in Translating Songs as 21st Century Curriculum" na kung saan ay kanyang pinag-aralan ang mga uri ng kahirapan na kinakaharap ng mga estudyante, suriin ang mga uri ng teknik sa pagsasalin na ginagamit ng mga estudyante, at mga estratehiya upang malampasan ang kanilang mga kahirapan sa pagsasalin ng kantang Ingles. Sa kanyang pag-aaral ay lumitaw ang iba't ibang kahirapan at hadlang sa mga mag-aaral sa pagsasalin. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa karanasan ng BSEd Filipino sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino na kung saan ay malalaman ng mananaliksik ang bawat karanasan na kanilang hinarap sa pamamagitan ng pakikipagpanayam sa mga partisipanteng mag-aaral. Maaaring may pagkakatulad ang pananaliksik ngunit magkaiba ang paraan ng pagsasaliksik, ang pinagkukunan ng mga datos, ang mga partisipante, at maging ang lugar kung saan isasagawa ang pananaliksik.

Pagkatapos ng pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay naglalayong magbahagi ng kaalaman. Ilathala ang gawaing ito sa pamamagitan ng mga conference na kaugnay ng pananaliksik at mga ahensya na naglalayong magtatag ng isang malikhaing interaksyon ng mga mag-aaral. Ang mga resulta at makukuhang impormasyon sa pag-aaral ay makakatulong sa mga guro, magulang, at mag-aaral upang matukoy ang ganitong karanasan na kinakaharap ng mga mag-aaral ng BSEd- Filipino sa akademikong pananaliksik. Dagdag pa rito, ang pananaliksik na ito ay napapanahon at maaaring maging daan upang maipakita at malaman ang mga pananaw at saloobin ng mga mag-aaral.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito sa paraang penomenolohikal ay naglalayong maunawaan ang tunay na karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa kanilang pagsasaling wika sa konteksto ng akademikong pananaliksik. Ang mga konkretong layunin nito una, ay ang ilarawan ang mga mga pagsubok na kanilang hinarap sa pagsasagawa ng pagsasalin sa akademikong pananaliksik, pangalawa, maipaliwanag ang mga hakbang na kanilang ginawa upang harapin ang mga ito, at pangatlo ay maunawaan ang kanilang mga opinyon at pananaw ukol sa pagsasalin. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.

Sa karagdagan, ang penomenolohikal na pamamaraan ay ginamit upang masusing suriin ang mga karanasan ng mga mag-aaral bilang mga partisipante sa pag-aaral na ito. Layunin ng pagsasaliksik na ito na maipakita, maunawaan, at bigyan ng kahulugan ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kwalitatibong paraan, tulad ng panayam, talakayan, at pagmamasid, upang makalikom ng mas malalim na kaalaman para sa pagsasaliksik (Bloor & Wood, 2006).

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay tatalima sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Bukod dito, ito ay naglalayong masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin sa akademikong pananaliksik?
2. Paano napagtatagumpayan ng mga mag-aaral ang mga hamong kinakaharap sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino?
3. Ano-ano ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pagsasalin ng mga teksto mula Ingles tungo sa Filipino?

**Metodolohiya**

Ang mananaliksik ay gumamit ng kwalitatibong pamamaraan, sapagkat nilalayon ng mananaliksik na mailarawan at maisalaysay ang isang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral na nasa ika-unang baitang.Ang kuwalitatibong pananaliksik ay isang uri ng pag-aaral na nagsusuri at nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga suliranin na kinahaharap sa buhay ng tao. Sa halip na kolektahin ang mga numerikal na datos, ang kuwalitatibong pananaliksik ay ginagamit sa pagbuo ng mga hipotesis pati na rin sa masusing pagsusuri at pag-unawa sa mga pangyayari o sitwasyon. Ang isang kuwalitatibong pananaliksik ay naglilikom ng mga karanasan, pananaw, at asal ng mga partisipante. Ito ay sumasagot sa mga tanong na paano, bakit at sumasagot sa isang open-ended na tanong. Dagdag pa rito, ang kalakasan ng isang kuwalitatibong pagsusuri ay ang kakayahan nitong ipaliwanag ang proseso at disenyo ng kilos na hindi ginagamitan ng numero (Brannan, 2020).

Ang kwalitatibong pamamaraan ang gagamiting metodo sa pag-aaral. Saapagkat, ang kwalitatibong pamamaraan ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-intindi sa mga paksa, ideya, at karanasan. Sa halip na sukatin ang mga partikular na baryabol o subukan ang mga teorya, nakatuon ito sa pagkuha ng detalyado at komprehensibong pagtingin sa konteksto ng paksa.

Ang kwalitatibong pag-aaral na may dulog na Penomenolohikal ang ginamit sa pagsusuri. Na kung saan ito ay tinutukoy bilang isang paraan ng pagsasaliksik na layunin na maipaliwanag ang kahulugan ng mga karanasan sa pagsasalin wika sa pamamagitan ng pag-aaral nito mula sa perspektibo ng mga taong naranasan ang mga ito. Layunin ng metodolohiyang ito na maipakita ang katangian ng partikular na hindi pangkaraniwang bagay sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa mga buhay na karanasan ng mga tao. Karaniwang isinasagawa ang panayam sa mga indibidwal na may kaalaman o karanasan sa isang tiyak na pangyayari, sitwasyon, o karanasan. Ang mga panayam ay naglalayong sagutin ang dalawang pangunahing tanong: Ano ang naranasan mo sa aspetong hindi pangkaraniwang bagay? Ano ang mga konteksto o kalagayang nag-aambag sa iyong mga karanasan sa hindi pangkaraniwang bagay? Maaaring gamitin ang iba't ibang anyo ng datos tulad ng dokumento, obserbasyon, at sining. Pagkatapos, ang mga datos

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ay paulit-ulit na binabasa at inaayos ayon sa mga pangungusap at tema upang makabuo ng mga pangunahing kahulugan. Sa prosesong ito, maaaring makabuo ang mananaliksik ng pangkalahatang interpretasyon ng pangyayari, sitwasyon, o karanasan at magkaruon ng mas malalim na pag-unawa sa hindi pangkaraniwang bagay (Creswell, 2013).

Mahigit dito, ang pamamaraang ito ay isinagawa sa pamamagitan ng in-depth interview at focus-group discussion upang makuha ang mga datos ukol sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin wika sa akademikong pananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng mga interaksyon sa mga tao upang mailahad ang kanilang mga iba't ibang pananaw at maipakita ang kanilang mga damdamin at karanasan hinggil sa pagsasalin wika sa akademikong pananaliksik.

**Mga Partisipante sa Pananaliksik**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang labing-apat na partisipante mula sa ikaapat na taon na kumukuha ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Mayoryang Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technoloy (KCAST) ang kinapanayam na kung saan ito ay masusing pinili ng mananaliksik. Ang pitong (7) kalahok ay napabilang sa In-depth Interview (IDI) habang ang ibang pito (7) naman ay sa Focus-group Discussion (FGD). Ang tinutukoy na bilang na ito ay ayon sa mungkahi ni Creswell (2013) na ang pinakamainam na bilang ng mga kalahok sa isang kwalitatibong pag-aaral ay mula 3-15 na mga kalahok. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng ganitong pamantayan ng bilang mga kalahok sa isang kwalitatibong pag-aaral, ang target na impormasyong kinakailangan ay makakamit lalo na sa proseso ng pagkokolekta ng data.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay pinili batay sa kanilang kakayahang mag- ambag sa kaalaman, sagutan ang mga tanong sa pananaliksik, at palalimin ang pag- unawa sa hindi pangkaraniwang bagay na pinag-aralan (Kuper et al., 2008). Sa pakikipanayam, pinili ang labing-apat (14) na mga respondente batay sa tatlong kriterya. Una, estudyante na kumuha ng kursong Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon sa Mayoryang Filipino sa KCAST, pangalawa, ay dapat naka-enrol sa kursong FIL 113-Pananaliksik sa Filipino, at pangatlo, mga mag-aaral na nakapag-final defense at may hardbound copy na sa kanilang pananaliksik. Ninais silang maging parte ng pag-aaral na ito upang malaman ng mananaliksik ang kanilang karanasan tungkol sa kanilang karanasan sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik.

**Pamamaraan sa Paglikom ng Datos**

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng mga gabay na katanungan sa panayam na ginamit sa paglikom ng mga datos sa pananaliksik na ito. Ang talatanungan na ito ay idinaan sa internal at eksternal na balidasyon ng mga dalubhasa sa kwalitatibong pag-aaral. Ang mga datos na ikinolekta ay nagmula sa mga mag-aaral na nasa BSED Filipino 4A.

Ang mga konsepto, paraan at kagamitan sa pangangalap ng mga datos at metodo ay naisaayos habang ang pananaliksik ay umuunlad. Ang kwalitatibong pamamaraan sa pag-aaral ay isang hanay ng mga pamamaraan na nagbibigay ng interpretasyon sa pamamagitan ng pagbabasa, paglalarawan, pagsasalin at pagbibigay ng natural na pagpapakahulugan. Ang pangangalap ng datos ay isang komponent sa pananaliksik na karaniwan sa lahat ng bahagi ng pag-aaral. Ang proseso sa pagtitipon at pagtatasa ng mga impormasyon ay nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na masagutan ang mga nakasaad na katanungan sa pag-aaral na nakapaloob sa gabay ng pakikipanayam at masuri nang husto ang kinalabasan ng pananaliksik (Mouton, 2001).

Matapos pagtibayin ang paksa, upang maisagawa ang pangangalap ng datos, ang unang hakbang na isinaaalang-alang ng mananaliksik ay ang pagpapadala ng liham ng pag-endorso sa Pangulo ng institusyon ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Hinintay ng mananaliksik na aprubahan ang liham-pahintulot na kanyang ipinadala at ang sertipiko mula sa kataas-taasang pamunuan ng paaralan na kanyang kinabibilangan. Nang nabigyan na ng pahintulot ang mananaliksik ay agad naman itong nagpadala ng liham-pahintulot. Gayun na rin ang mga napiling partisipante ay pinadalhan din ng mananaliksik ng liham-pahintulot sa gmail o messenger upang mabigyang-alam na sila ang mga napiling partisipante ng pananaliksik. Ang positibong pagtugon ng mga partisipante sa liham-pahintulot na ipinadala ng mananaliksik ang siyang tanda ng kanilang pagpayag sa paglahok sa pag-aaral na ito.

Pangalawa, ang mga partisipante sa pag-aaral na ito ay pinili alinsunod sa mga pamantayan ng pagpili ng mga partisipante sa pamamaraang purposive sampling at ayon sa kanilang pagtanggap at kagustuhan na lumahok sa pag-aaral. Sinigurado ng mananaliksik na ang lahat ng mga partisipante sa pag-aaral na ito ay alam ang kalikasan at layunin ng kanyang pag-aaral. Ang lahat ng mga partisipante ay binigyan ng birtuwal na oryentasyon gamit ang Zoom at Google meet hinggil sa mga alituntunin sa disenyo ng pagkalap ng datos sa pag-aaral. Sinigurado ng mananaliksik na ang lahat ng datos na nakuha ay mananatiling pribado. Kalakip ng oryentasyon ay ang pagsiguro ng mananaliksik sa mga protocol o panuntunan sa pag-aaral ng mga partisipante na sinunod din naman para na rin sa kapakanan ng bawat panig nang isagawa ang pag-aaral na ito na inayon sa Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases (IATF-EID o IATF).

Pangatlo, habang isinagawa ang panayam, ito ay inirekord upang hindi makaligtaan ang mahahalagang impormasyon at maaari itong pakinggang muli sakaling may pagkalito ang mananaliksik. Ngunit humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa mga partisipante bago ang pagrerekord. Ang naitala at narekord na tugon ay maingat na sinuri upang matugunan ang mga katanungan sa pananaliksik. Gayundin, bago paman isinagawa ang pinalalim at pangkatang pakikipanayam, ang mga gabay na tanong ay ginawa na ng mananaliksik na nakaangkla sa pag-aaral upang makakuha ng mga makabuluhang impormasyon mula sa mga partisipante at makamit ang layunin ng pag-aaral

Panghuli, ang mga nakalap na kasagutan mula sa mga baybay ay narekord sa paraan ng pasulat, audio recorded at virtual conferencing app upang maiwasan ang maling

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagpapakahulugan. Matapos ang panayam at pagrekord, ang lahat ng datos ay inilagay sa flashdrive o sa laptop para sa pagsalin at upang masiguro na ang lahat ng ito ay mananatiling pribado. Isa itong malaking hamon para sa mananaliksik na makapag-organisa ng kwalitatibong datos dahil layon nitong makakuha ng mga indibidwal na pananaw at saloobin mula sa mga kalahok.

**Pag-aanalisa sa Datos**

Sa aking pagsasaliksik, malinaw kong ibinahagi ang mga nakalap na datos at maingat na sinuri batay sa tunguhin at pangangailangan ng pananaliksik. Nailahad dito ang sapat na pagsusuri sa mga tugon ng partisipante upang mabuo ang mga resulta. Sa gayon, ang layunin ng pag-aanalisa ng datos ay upang mahanap ang karaniwang ideya upang masagot ang mga katunungan ng pananaliksik.

Sa konteksto ng aking pag-aaral, ang proseso ng kwalitatibong pag-aanalisa ng datos ay sumusunod sa limang hakbang na pangunahing hakbang. Kasama rito ang data coding at thematic analysis, na aking ginamit upang masusing suriin ang aking mga datos sa aking pag-aaral. Sa data coding sa kwalitatibong pagsusuri, ito ay tumutukoy sa pagtukoy at pag-lebel ng mga kategorya o code sa iba't ibang bahagi ng teksto na may kaugnayan sa tema ng aking pag-aaral. Aking isinagawa ang coding upang maikli ang mga datos at maiayos ito sa isang makabuluhang pagsusuri (Khan, 2020).

Pagkatapos kong makuha ang datos mula sa mga panayam, aking inayos ito, nang maiayos at isinagawa ang pagsusuri sa mga ito upang malinaw na makuha ang mga pangunahing tema na naglalayong magbigay-linaw sa mga tanong at layunin ng aking pananaliksik.Kasunod nito ay ang pagsagawa naman ng mananaliksik ng tematikong pamamaraan ng pag-aanalisa. Ito ang kagamitan para sa interpretasyon at pag-oorganisa ng mga tema (Akinyode, 2018). Ang tematikong pag-aanalisa ay kung saan ang teorya ay kinakailangan ng mananaliksik na susihin nang maayos upang ito'y matukoy sa nakapaloob sa interpretasyon ng kaso. Ang tematikong pag-aanalisa ay isang malawakang paraan na ginagamit sa pagtatasa ng kwalitatibong pagsasaliksik. Inilarawan sa artikulo na kung paano gamitin ng baguhang mananaliksik ang tematikong pag-aanalisa sa isang sunud-sunod na pamamaraan. Sinabi niya na ang tematikong pagtatasa ay isang pangunahing pamamaraan ng pagsusuri na kailangang tukuyin at mailarawan katatagan at husay ng kwalitatibong pananaliksik (Braun & Clarke, 2006)

Sa pagsasagawa ng aking pag-aaral, kasama sa aking pamamaraan ang tematikong pagsusuri ng datos. Layunin nito ang pag-pokus, pag-identipika, at paglalarawan ng mga ideya na maaaring explicit o implicit na makita sa aking mga nakalap na datos, na makakatulong sa pagkilala at pagsasaayos ng mga temang lumitaw. Ginamit ko ang mga itinakdang code gamit ang aking sistema ng coding upang maipakita at mailarawan ng maayos ang mga tema na nakita sa aking mga datos. Ang aking inaasahan ay ang makakatulong itong proseso ng tematikong pagsusuri sa pagsasalin ng mga pahayag at kahulugan mula sa mga panayam ng mga partisipante. Ang mga code na aking ginawa ay nag-ambag ng malaki sa maingat na pagbuo ng mga temang nagmula sa aking pagsusuri, na naglalayong malinaw na maipahayag ang mga pagsubok at problema na kinakaharap ng mga mag-aaral sa kanilang mga pagsusulit.

**MGA RESULTA**

***Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 1: Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin sa akademikong pananaliksik?***

Nagsagawa ng pinalalim na panayam sa mga kalahok upang masagot ang tanong na ito, ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod. Samakatuwid, maraming sub questions ang itinanong upang maunawaan ang kanilang mga karanasan hinggil sa kanilang karanasan sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik.

Ang apat na temang ito ang siyang pinanggagalingan ng mga naging karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin at maging sa paghahanap ng mga salitang panumbas sa wikang Filipino. Ang mga karanasang ito ang siyang bitbit ng mga mag-aaral habang nag-aaral, mapa-birtuwal na hapag man, sa mismong loob ng silid-aralan, o sa labas ng paaralan.

**Talahanayan 1**

**Mga Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsasalin sa Akademikong Pananaliksik**

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Walang Sapat na Kaalaman sa Pagsasalin** | • *"Kakulangan sa kaalaman sa wikang Filipino ang isa sa nakita kong dahilan kung bakit ako nahihirapang umintindi at magsalin na kung saan ay kinakailangan kong gawan nang paraan." -IDI-02*<br>• *"Ang nakita kong hadlang sa aking sarili ay ang paghahanap ng katumbas sa mga wikang isasalin na walang sapat na kaalaman sa wikang isasalin, minsan naman may mga salita na mahirap maintindihan, may mga salita rin na hindi moa lam kung paano isalin." -IDI-05*<br>• *"Hamon kung maituturing ang pagsasalin para sa akin lalo na kung wala kang sapat na kaalaman, lalo na sa mga malalalim sa salita, tunay na mahirap talagang makahanap ng tamang tumbas na salita" -FGD-03* |
| | • *"Ang nakita kong kahadlangan ay sabi ko nga kanina 'yung limitado lamang yung mga bokabularyo ko sa pagsasalin ng isang salita o ng isang diwa sa isang teksto"- FGD-01*<br>• *"Siguro, ang nakita kong kahadlangan sa paghahanap ng katumbas sa mga wikang isasalin ay iyong limitado lamang 'yong bokabularyo na aking alam sa wikang Filipino at may mga salita* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| **Limitadong Bokabularyo** | *o pahayag kasi na hindi pwedeng isalin nang literal kung kaya't nahihirapan akong humanap ng tamang pagsalin at syempre ito ay talagang hadlang sa pagsasalin." -FGD-04*<br>• *"Para sa akin ang mga hadlang na aking nakita sa gawaing pagsasalin ay ang pagkakaroon ng limitadong bokabularyo at paggamit ng mga hiram na salita. Bagaman tanggap ang panghihiram ng mga salita sa Ingles, may iba kasi sa mga tagasuri ng aking pananaliksik na talagang hinahanap ang mga katumbas na salita sa Filipino ng mga salitang hiram na yaon kung kaya ay talagang nasusubok ang aking kakayahang maglakbay sa sosyal medya."-FGD-06* |
| **Kahirapan sa Pagsasalin ng Salitang Panumbas** | • *"So, mahirap talagang isalin ang mga salita mula sa Ingles hanggang sa Filipino, nahihirapan ako sa mga malalalim na salita na walang katumbas talaga sa Filipino kung gayon ay akin itong hinihiram at itina-type o isinusulat nang pahilis upang bigyang diin na ito ay hiniram at hindi ito isinalin." -IDI-01*<br>• *"Ang sa tingin ko ay kahit tayo ay mag-aaral ng BSEd Filipino, may mga salita sa Ingles na mahirap sapagkat hindi naman natin 'yun forte na nahihirapan tayong isalin or nahihirapan tayong maghanap ng panumbas na wika sa wikang Filipino, dahil ang isang salita sa Ingles ay maaaring magkaroon ng maraming kahulugan sa wikang Filipino, doon ay mahihirapan tayong pumili kung ano talaga 'yung dapat na salita na magiging katumbas nito sa ating wika." -IDI-03*<br>• *"Sa pagsasalin ng mga teksto ng akademikong pananaliksik, nakaranas ako ng kahirapan sapagkat mayroong mga salita or terminong Ingles na ang hirap hanapan ng mga katumbas na salita sa Filipino. Hindi naging madali ang pagsasalin lalo pa at kailangan talaga na ikaw bilang tagapagsalin ay may kaalaman ka sa dalawang wikang kasangkot at sa kalagayan ko, medyo hindi ako ganoon kagaling sa wikang Ingles, maraming mga salita ang una ko pang nakasalamuha at hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin, kaya mahirap ang pagsasalin para sa akin." -IDI-04*<br>• *"Isa itong mapaghamon at mahirap na karanasan sapagkat hindi lang isang salita, pangungusap, at talata ang kinakailangan mong isalin bagkus ang buong akademikong pananaliksik. Mapaghamon ito sapagkat may mga salita sa Ingles na mahirap hanapan ng panumbas sa Filipino kaya may pagkakataon na naiiba na ang mismong kahulugan ng pangungusap at hindi na nagiging tugma." -FGD-02*<br>• *"Unang una, kahadlangan na nakikita ko sa aking sarili is hindi ako masyadong mahilig sa pagbabasa kaya siguro limitado lamang ang aking kaalaman o karunungan hinggil sa mga salita. Bukod pa rito, bago rin para sa akin ang wikang Filipino sapagkat Bisaya ang unang wika na aking natutuhan and hindi ko masyadong ginagamit ang wikang Filipino kaya lubos akong nahihirapan lalo na sa paghahanap ng mga salita o paghahanap ng mga katumbas na salita ng mga tekstong Ingles tungo sa Filipino sapagkat hindi ko nga masyadong gamay o hindi ko lubos na kilala at alam ang mga salitang Filipino, kaya yun ay isa sa mga naging hadlang ko sa paggawa ng pananaliksik ko sa Filipino." -FGD-03* |
| **Kahirapan sa Pagsalin sa mga Bagong Terminolohiya** | • *"Para sa akin ito ay ang pagsasalin ng mga teknikal na terminolohiya. Sa mga larangan tulad ng siyensiya, teknolohiya, at medisina ang mga teknikal na terminolohiya ay maaaring magkaroon ng mga salitang walang direktang katumbas sa Filipino. Ang pagbuo ng mga bagong terminolohiya o pag-angkop ng mga salita upang maipahayag ang mga konsepto sa Filipino ay maaaring maging isang malaking hamon sa pagsasalin ng mga salita." -IDI-06*<br>• *"Minsan, ang mga salitang teknikal na kailangan sa akademikong pagsasalin ay hindi gaanong kilala o hindi pa nabibigyan ng karampatang pagsasalin sa wikang Filipino, na maaaring magdulot ng hamon sa proseso ng pagsasalin." -IDI-07*<br>• *"Ang aking naging karanasan sa pagsasalin ng mga teksto sa pananaliksik ay naging isang mapaghamong karanasan sa kadahilanang hindi ako gaanong ka galing sa pagsasalin lalo na sa wikang Filipino limitado lamang 'yung mga bokabularyong aking nalalaman sa pagsasalin ng mga salita o sa isang teksto. Sa kabilang banda nito ay naging makabuluhan naman ang hatid nito sa kadahilanan ay nadaragdagan ang aking mga bokabularyo o kaalaman at may mga natutuklasan akong bago ukol sa pagsasalin ng mga salita o mga pahayag." -FGD-01* |

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 2: Paano napagtatagumpayan ng mga mag-aaral ang mga hamong kinakaharap sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino?**

Sa pag-aaral na ito, upang masagot ang tanong na ito, isinagawa ang mas malalim na panayam sa mga kalahok batay sa kanilang pagkakasunod-sunod. Ibig sabihin, maraming mga sumunod-sunod na katanungan ang itinanong upang mas maunawaan ang kanilang mga karanasan hinggil sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino.

Ang apat na temang ito ang siyang naging kaparaanan ng mga partisipante upang malagpasan ang mga hamong kanilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kinkaharap sa pagsasalin ng mga akademikong teksto at maging sa paghahanap ng mga salitang panumbas sa wikang Filipino. Ang mga kaparaanang ito ang siyang bitbit nila palagi upang mas marami pang matutuhan at para na rin maging isang mag-aaral na may kaalaman sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino.

**Talahanayan 2**
**Mga Pamaraan upang Mapagtagumpayan ng mga Mag-aaral ang Hamon sa Pagsasalin ng mga Akademikong Pananaliksik**

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Paggamit ng *Machine Translator* sa Pagsasalin** | • *"Gaya nga ng sinabi ko kanina na kung saan ang paraan na aking ginagamit sa pagsasalin ay ang translation devices upang mapadali ang aking gagawing pagsasalin, kung iisa-isahin natin ang pagsasalin ng mga pangungusap, mga talata ay talagang hahaba na, kaya isa talaga sa paraan ang paggamit ng translation devices upang mas mapadali ang ating gagawing pagsasalin sa pananaliksik." -IDI-03*<br>• *"Kapag hindi ko na talaga kayang tumbasan sa wikang Filipino ang wikang Ingles ay gumagamit na talaga ako ng Google Translate pero sa paggamit nito ay sinisiguro ko na hindi siya literal na isinalin, kailangan pa rin talaga na itama sa pamamagitan din ng paghahanap ng mga kasingkahulugan na salita para mas wasto at hindi masagwa ang pagkakasalin." -IDI-04*<br>• *"Ang paraan na aking ginamit bilang aksyon para malampasan ko ang hamon sa paghahanap ng salitang panumbas sa isang wika ay isa sa mga hindi ko ikakaila ay nagbabase rin ako sa mga websites, sa internet na may kinalaman sa pagsasalin o 'yung mga translator na kung saan ay sinisigurado ko parin ang pagsaayos nito at minsan ang ginagawa ko talaga ay sariling pagsasalin sa kadahilanang mas mainam na ikaw mismo or sa iyo mismo nang galing ang pagsasalin nang sa ganon ay mas maunawaan mo ang iyong pag-aaral at ito rin ay isang adbentahe para sa iyo, ibig sabihin ay nauunawaan mo ang iyong pag-aaral." -FGD-01*<br>• *"Ang teknik na ginagamit ko ay una kinukuha ko muna yung mensahe ng teksto. Pangalawa, minsan isinasalin ko ito sa translator at kapag hindi na talaga kaya dahil may mga salita kasi na malalim sa wikang Ingles ay gumagamit na ako ng translator at kalaunan ay pagkatapos akin naman itong ipinapaliwanag nang mabuti para mas lalong malinaw at makuha talaga yung ibig ipakahulugan nung teksto." -FGD-04* |
| **Pag-unawa sa Pangunahing Diwa Bago Isalin** | • *"Ang mga bagay na aking ginawa upang maisaayos ang pagsasalin sa Filipino ay syempre, inuunawa ko muna ang konteksto o ang diwang nais ipahiwatig ng mga pangungusap o talata sa Ingles at pagkatapos kapag nahihirapan ako sa paghahanap ng pinakamaganda o eksaktong salin ay iniiba ko ang ayos ng salita subalit nag tataglay parin ng kaparehong kahulugan or kaparehong diwa. So kahit pa nag iba ang ayos or estruktura ng pangungusap nanatili parin ang diwa sapagkat muli ko itong binigyan ng morposemantikong kahulugan." -FGD-03*<br>• *"Kapareho lang yung na una, inuuna ko muna yung pag-unawa sa mga tekstong Ingles pagkatapos hinahanap ko yung mga salitang may maaaring malapit na katumbas sa wikang Filipino at ang panghuli syempre, pagkuha ng diwa bagaman hindi naman salita sa salita yung ginagawa kong pagsalin kung hindi diwa talaga yung ginagawa ko kapag ako ay nagsasalin ng teskto na pang akademiko." -IDI-05*<br>• *Ang mga bagay na aking ginawa upang mas mapadali ay isinasaayos ko muna ang diwa ng ang pangungusap o ang aking sinasalin at sinusubukan kong isalin ayon sa aking pag-unawa pero kung nahihirapan ako gumagamit ako ng translator pero pagkatapos sinasaayos ko pa rin kung tama ba dahil minsan naiiba na ito." -IDI-06* |
| **Paglaan ng Oras sa Pagsasalin** | • *"Ang mga pagsasanay ko para maging epektibo ang aking ginagawang pagsasalin ay, binibigyan ko talaga ito ng oras at pagsisikap, sa pagbabasa ng iba't ibag mga teksto, mga kaparaanan na mula sa youtube kung ano yung magandang gawin para yung mga salita o yung kahulugan ng isang teksto mula sa Ingles hanggang sa Filipino ay magkatulad." -IDI-02*<br>• *"Para mapabuti ang aking kakayahan sa pagsasalin mula Ingles patungo sa Filipino, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng oras sa regular na pagsasalin ng teksto na kung saan ito ay nakakatulong upang mapalawak ang aking bokabularyo at mapatatag ang aking kakayahan sa pagsasalin." -IDI-07*<br>• *"Pinaka-una kong ginawang aksyon ay ang pagbabalanse ng aking oras sa gawaing pagsasalin. Kapag ka ginagawa ko ang aking pag-aaral ay talagang nilalaanan ko ng sapat na oras sapagkat layunin kung makabuo ng maayos na pag-aaral." -FGD-06* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| **Paghahanap ng Karagdagang Impormasyon sa *Internet*** | • *"Ang aking mga teknik na ginawa upang malampasan ang pagsubok sa pagsasalin ay minsan ay naghahanap ako ng karagdagang impormasyon sa internet, minsan naman gumagamit ako ng dictionary at minsan ay nagtatanong ako sa mga taong mas may alam sa pagsasalin." -IDI-05*<br>• *"Para malampasan ang paghahanap ng salitang panumbas sa isang wika, aking ginagamit ang internet at mga online na mapagkukunan na may kaugnayan sa pagsasalin. Sa pamamagitan nito, nakakakuha ako ng mga alternatibong kahulugan at salin ng mga salita at parirala, na nagbibigay sa akin ng mas malawak na pagpipilian at pang-unawa sa konteksto ng teksto. Ang pagbabase sa mga online na mapagkukunan ay isang mabisang paraan upang mapalawak ang aking kaalaman at kasanayan sa pagsasalin, na nagbibigay-daan sa akin na mas mahusay na magampanan ang hamon ng pagsasalin." -FGD-01*<br>• *"Isa sa mga hakbang na aking ginawa ay ang pag-intindi nang mabuti sa kahulugan ng salita o teksto. Kadalasan, binabasa ko nang paulit-ulit ang teksto upang mas maintindihan ito. Bukod pa rito, may mga tekstong mahirap maisalin kaya ang ginagawa ko ay naghahanap ako ng karadagang impormasyon sa internet at hinihimay-himay ko kung ang kahulugan ba ay angkop o hindi." -FGD-05* |

**Pangunahing Katanungan sa Pananaliksik 3: Ano-ano ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa pagsasalin ng mga teksto mula Ingles tungo sa Filipino**

Sa pag-aaral na ito, upang matugunan ang katanungang ito, isinagawa ang mas detalyadong panayam sa mga kalahok base sa kanilang pagkakasunod-sunod. Samakatuwid, maraming serye ng mga katanungan ang ibinato upang mas maunawaan ang kanilang mga pagsusuri at pananaw hinggil sa kanilang mga karanasan sa pagsasalin ng mga teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Sa ganitong paraan, mas mabibigyang linaw ang kanilang mga karanasan ukol sa kanilang repleksiyon sa pagsasalin ng mga teksto.

Ang apat na temang ito ang siyang napagtanto ng mga partisipante sa suliraning kanilang kinkaharap sa pagsasalin at maging sa paghahanap ng mga salitang panumbas mula Ingles tungo sa Filipino. Ang mga kaparaanang ito ang siyang bibitbitin nila palagi upang malagpasan ang mga suliraning kanilang kinakaharap at kakaharapin pa sa paghahanap ng tamang panumbas hinggil sa pagsasalin ng mga akademikong teksto.

**Talahanayan 3**
**Mga Pananaw ng mga Mag-aaral Hinggil sa Pagsasalin ng mga Teksto mula Ingles tungo sa Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Kahalagahan ng Pagsasanay ay Bigyang Halaga** | • *"Para maiwasan ang mga kahirapan at hamon sa pagsasalin ng mga akademikong teksto, sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsasanay bago simulan ang proseso ng pagsasalin nakatutulong ito upang mapalakas ang kasanayan at kaalaman sa dalawang wika. Bago rin ipresenta ang isinagawang pagsasalin, mahalaga ang pagsusuri at pag-rebyu upang matiyak ang kalidad at tumpak na interpretasyon ng teksto." -IDI-07*<br>• *"Sunod, para sa akin maiiwasan ang mga kahirapan at hamon sa pagsasalin ng mga akademikong teksto sa pamamagitan ng pagsasanay sa sariling pang-unawa at pagpapaunlad pa sa kasanayan sa wika." -FGD-01*<br>• *"Ang nais kong iparating sa CHED ay hangga't maaari ay magkaroon ng pagpapatibay ng kasanayan sa pagsasalin na kung saan sa Major in Filipino ay may asignatura na pagsasalin." -FGD-02*<br>• *"Napatunayan kong mahalaga ang pagsasanay sa pagsasalin upang maiwasan ang kahirapan sa pagsasalin at kalituhan pagdating ng araw." -FGD-07* |
| **Kahalagahan ng Malawak na Kaalaman** | • *"Kinakailangan na gusto mo ang pagsasalin upang magawa mo nang wasto ang pagsasalin, dahil ang pagsasalin ay hindi isang madaling bagay, kinakailangan nito ng pasensya, kinakailangan nito ng malawak na kaalaman bilang isang mag-aaral o bilang isang tao." -IDI-05*<br>• *"Sa pagsasalin ng mga akademikong teksto, kinakailangan talaga na malawak ang iyong kaisipan at pag-unawa, hindi mo kailangang ibatay o i-base sa literal na pagpapakahulugan ang pag-unawa sa isang teksto o akademikong teksto." -FGD-03*<br>• *"Maiiwasan ang kahirapan sa pagsasalin kung may malawak na kaalaman ang isang nagsasalin. Ngunit, alam ko na mahirap pa rin ang pagsasalin lalo na't hindi sapat ang kaalaman mo hinggil sa tekstong isasalin." -FGD-05*<br>• *"Para sa mga kapwa ko mag-aaral, maging gawi niyo sana ang pagbabasa at pagpapalawak sa inyung kaalaman sapagkat malaking tulong talaga ito sa maraming gawaing pang-* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| | *akademiko, hindi lang sa pananaliksik. Ang pagkakaroon kasi ng malawak na kaalaman ang siyang magpapagaan sa mga gawaing may kinalaman sa akademiko." -FGD-06* |
| **Kahalagahan ng Pagbabasa sa Pagpapalawak ng Kaalaman** | • *"Ang aking maipapayo ay huwag huminto sa pagbabasa sapagkat sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-unawa ng teksto ay nagsisimula ang ating kaalaman kung paano wastong isalin ang mga teksto at kung paano gumamit ng mga katumbas na salita na naaangkop sa mga nais nating iparating sa ating pananaliksik at huwag tumigil sa paggawa at pagsasalin dahil magiging sandata natin ito sa darating na panahon." -IDI-01*<br>• *"Ang kahalagahan ng pagbasa. Isa ito sa mga aspeto na mahalaga sa pagsasalin dahil ito ay nangangailangan ng intensibong pagbabasa. Kakailanganin din na intindihin ang binabasa. Bukod pa rito, nalaman ko rin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling pagpapakahulugan hindi yung literal kundi may nakasuportang pahayag na tutumbas sa salin mula sa Ingles patungong Filipino." -FGD-05*<br>• *"Para sa mga kapwa ko mag-aaral, maging gawi niyo sana ang pagbabasa at pagpapalawak sa inyung kaalaman sapagkat malaking tulong talaga ito sa maraming gawaing pang-akademiko, hindi lang sa pananaliksik. Ang pagkakaroon kasi ng malawak na kaalaman ang siyang magpapagaan sa mga gawaing may kinalaman sa akademiko." -FGD-06* |
| **Kaalaman sa Pagsasalin ay Mahalaga** | • *"Mahalagang magkaroon tayo ng kaalaman sa pagsasalin. Bilang isang mag-aaral sa Medyor sa Filipino, mahalaga ito lalong-lalo na sa pananaliksik dahil maraming mga sanggunian at mga teksto na nakasulat sa wikang Ingles. Hindi maaaring translator apps ang laging gagamitn dahil hind isa lahat ng panahon ay tama ang naibibigay na salin nito." -IDI-06*<br>• *"Sa aking pananaw, napakahalaga na maging maalam ang isang tao sa pagsasalin ng mga teksto mula Ingles tungo sa Filipino dahil ang pagsasalin ay isang paraan upang mapalaganap ang kaalaman at impormasyon sa mas malawak na audience, lalo na sa mga Pilipino na mas komportable sa pag-unawa ng Filipino." -IDI-07*<br>• *"Mahalaga na may kaalaman ang isang tao sa gawaing pagsasalin sapagkat hindi lahat ng tao nakakaunawa ng maraming lengguwahe. Kung kaya, nararapat na may kakayahan o kaalaman ang isang tao sa gawaing pagsasalin lalo na sa gawaing pananaliksik ng mga mag-aaral na kumukuha ng edukasyon sa medyor na Filipino." -FGD-06* |

## DISKUSYON

### Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsasalin ng Akademikong Pananaliksik.

Ang tanong na ito ng pananaliksik ay naglalayong galugarin ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino tungkol sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik. Nilalayon nitong galugarin kung paano ang mga mag-aaral na ito ay nagnavigate sa mga hamon sa epektibong pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga karanasan, ang pananaliksik ay naglalayong pagaanin ang mga potensyal na hadlang, estratehiya, at implikasyon para sa pagbuo ng mabisang kasanayan sa pedagohikal na pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino.

Ang iba't ibang mga may-akda ay nagpakita ng mga pahayag na nag-tutugma sa mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino tungkol sa kanilang mga karanasan sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik mula Ingles tungo sa Filipino. Ang mga sumusunod ay ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino: isiniwalat ng unang tema na ang mga mag-aaral ay mayroong:

Ang unang tema na lumabas ay ang pagkakaroon ng **walang sapat na kaalaman sa pagsasalin** ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa pagsasalin ng akademikong teksto. Kalimitan sa mga mag-aaral ay naging kahinaan ang pagkakaroon ng walang sapat na kaalaman dahil naka-pokus lamang sa ating mga pangunahing wika na kung saan ay nagiging hadlang kaya nagkakaroon ng kahirapan sa pag-unawa ng mga salita maging sa pagsasalin na kung saan ay nagdudulot ng mas malaking suliranin. Kulang sa kaalaman kaya nahihirapan sa pagsasalin at walang sapat na kaalaman sa wikang isasalin ang kadalasang sagot ng mga partisipante kung bakit nagkaroon sila ng kakulangan sa kaalaman. Hamon ito para sa kanila dahil sa panahon ngyaon, labis na kinakailangan ang kaalaman sa Filipino lalo na't Medyor sa Filipino rin ang kanilang kinuha.

Ang resulta ng pag-aaral ay kapareho sa pag-aaral ni House (2021) na nagsasabi na ang mga tagasalin sa teknikal na larangan ay kailangang may mataas na antas ng kasanayan at kaalaman upang matiyak ang katumpakan at kalidad ng kanilang trabaho. Ang ang mga hindi wastong pagsasalin sa teknikal na larangan ay maaaring magdulot ng malubhang pagkalito at seryosong kahihinatnan. Ang kahalagahan ng tamang pagsasalin sa mga larangang ito ay hindi maaaring maliitin, dahil ang mga pagkakamali ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan, kaligtasan, at integridad ng impormasyon.

Sang-ayon naman ito sa pag-aaral ni Toury (2019) na ang pagsasalin ng akademikong pananaliksik ay hindi lamang nangangailangan ng kaalaman sa wika, kundi pati na rin ng malalim na pag-unawa sa mga paksang tinalakay sa orihinal na akda. Dahil dito, madalas nahihirapan ang mga tagasalin na mapanatili ang orihinal na diwa at mensahe ng pananaliksik. Gayunpaman, may mga positibong aspeto din ang pagsasalin, tulad ng pagpapalawak ng kaalaman at pag-aabot ng mga ideya sa mas malawak na audience, na nakakatulong sa pagpapayaman ng intelektwal na diskurso sa ibang wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Ang ikalawang tema na lumalabas ay ang **pagkakaroon ng limitadong bokabularyo**. Mahalaga sa pananaliksik dahil ito ay naglalantad ng mga hamon ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa pagsasalin ng mga akademikong teksto. Hindi maiwawaglit na ito ay nagdulot ng maraming hamon sa pagsasalin. Ang patuloy na pag-aaral at pagpapalawak ng kaalaman sa bokabularyo ay mahalaga upang malampasan ang mga hamong ito at makapagbibigay ng tumpak at mataas na kalidad sa pagsasalin.

Ang resulta ng pag-aaral ay sang-ayon sa pag-aaral ni Nord (2022) ito ay nagbibigay ng isang komprehensibong pag-aaral kung paano ang limitadong bokabularyo ng tagasalin ay maaaring makaapekto sa kalidad ng pagsasalin. Kung ang tagasalin ay walang sapat na bokabularyo, maaaring mahirapan siyang piliin ang tamang salita o terminolohiya na tumutugma sa orihinal na teksto. Ang ilang mga salita o parirala ay may mga espesyal na nuances o subtleties na maaaring hindi maipahayag nang maayos kung kulang ang bokabularyo ng tagasalin. Ang limitadong bokabularyo ay maaaring magresulta sa simplisistikong pagsasalin na hindi sumasalamin sa kumplikadong kahulugan ng orihinal na teksto.

Sinuportahan naman ito ng pag-aaral ni Venuti (2019), na kung saan ang pagkakaroon ng limitadong bokabularyo ng tagasalin ay maaaring magdulot ng kakulangan sa kakayahang ipahayag ang mga komplikadong ideya at emosyon na matatagpuan sa orihinal na teksto, na nagiging sanhi ng pag-aalis ng mga elemento na nagpapakita ng personalidad ng may-akda. Ito ay isang isyu na nagdudulot ng "invisibility" ng tagasalin sa proseso ng pagsasalin, dahil ang kanilang trabaho ay hindi nagiging kapansin-pansin o makikita sa pamamagitan ng kanilang sariling interpretasyon o estilo.

Sa kabilang dako, ang **kahirapan sa paghahanap ng salitang panumbas sa wikang ingles tungo sa filipino** ay isang malaking hamon sa mga mananaliksik ng BSEd Filipino. Hindi maiwawaglit na dahil sa pagkakaroon ng unang wikang natutuhan ay may mga pagkakataon na tayo ay nangangapa sa paghahanap ng mga salitang panumbas sa wikang Ingles tungo sa Filipino na kung saan karamihan sa mga kalahok ay ito ang nakikitang kahadlangan sa kanilang ginagawang pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik.

Ito ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Ramirez, et al. (2022) kung saan ibinunyag ang kahirapan sa paghahanap ng salitang panumbas ay nagdudulot ng mga hamon sa pagkakaroon ng mabisang pagsasalin. Ito ay nagiging hamon dahil sa pagkakaiba ng estruktura at bokabularyo ng dalawang wika, maraming salitang Ingles ang walang direktang katumbas sa Filipino, na nagiging sanhi ng mga kalituhan sa pagsasalin. Dagdag pa rito, ang mga kultural na konsepto sa Ingles ay hindi laging m pag-adaling maisalin, kaya't kinakailangan ang masusing pag-unawa sa Ilan sa mga tagasalin ay gumagamit ng mga teknika tulad ng panghihiram o pagsasa-Filipino ng mga salita upang mapunan ang mga puwang sa bokabularyo.

Sang-ayon din ito sa pag-aaral ni Reyes et al. (2023), na kung saan ay naglalayong tukuyin ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkamit ng kasanayan sa wikang Filipino, pati na rin ang pagkilala sa mga salik na nakaaapekto sa kanilang paglalakbay sa pag-aaral ng wika. Ipinakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay madalas na nahihirapan sa pag-unawa at pagsasalita ng wikang Filipino, lalo na sa pagbigkas, dahil sa hindi sapat at hindi pamilyar na bokabularyo sa wikang Filipino. Dagdag pa rito, nawawalan ng interes ang mga mag-aaral sa wika, na nagpapahirap sa pag-unawa sa wika. Samakatuwid, ang mga salik na nagpapadali sa proseso ng paglipat ng wika ay ang interes at pagkalantad sa target na wika.

Dagdag pa rito, marami sa mga kalahok ang na ang naging sagot sa katanungan ay ang **kahirapan sa pagsalin sa mga bagong terminolohiya**. Ang kahirapan sa pagsalin sa mga bagong terminolohiya ang isa sa mga dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino dahil sa mga bagong terminolohiya.

Base sa pag-aaral ni Pym (2021), pinagtuunan niya ang mga teoryang may kinalaman sa pag-angkop ng mga termino mula sa isang wika patungo sa iba, na kinikilala ang epekto ng linggwistikong at kultural na pagkakaiba. Isa sa mga pangunahing hamon ay ang paglikha ng mga katumbas na termino para sa mga konsepto na wala nang katumbas sa target na wika. Ang kanyang mga pag-aaral ay nagbibigay ng mas malalim na pang-unawa sa komplikadong proseso ng pagsasalin, partikular sa aspeto ng pagbuo ng mga katumbas na termino, na nagiging mahalaga sa pag-unawa at pagpapahayag ng mga ideya sa iba't ibang linggwistikong at kultural na konteksto.

Sa pag-aaral na sinuri nina Garcia at Lee (2023), ang kahirapan sa pagsasalin ng mga bagong terminolohiya sa pagkuha ng wika, na nagbibigay-diin sa ilang mahahalagang hamon. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral ay madalas na nahihirapan sa pag-unawa sa kontekstwal na kahulugan ng mga bagong termino, na humahantong sa hindi tumpak na pagsasalin. Nabanggit din sa pag-aaral na ang limitadong pagkakalantad sa target na wika ay lalong nagpapahirap sa kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan at isalin ang hindi pamilyar na bokabularyo. Gayunpaman, ipinakita ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga estratehiya sa pag-iisip, tulad ng pag-aaral ng mga ugat ng salita, ay may posibilidad na mapabuti ang kanilang katumpakan sa pagsasalin. Sa pangkalahatan, binibigyang-diin ng panitikan ang kahalagahan ng mga pamamaraan sa pagbuo ng bokabularyo at mas mataas na pagkakalantad sa target na wika na mapagtagumpayan ang kahirapan sa pagsasalin.

**Mapagtagumpayan ng mga Mag-aaral ang Hamon sa Pagsasalin ng mga Akademikong Pananaliksik.** Ang tanong sa pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino hinggil sa kanilang kahirapan sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Nilalayon nitong tuklasin kung paano nilalalabanan ng mga mag-aaral na ito ang mga hamon sa epektibong pagsasalin ng mga akademikong teksto. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga karanasan, ang pananaliksik ay naglalayong magbigay liwanag sa mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

potensyal na hadlang, estratehiya, at implikasyon para sa pagbuo ng mga epektibong kasanayan sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino.

Sa isang pag-aaral ni Santos (2022), lubusan na nasuri ang mga hamon na kinaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng akademikong pananaliksik. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ay madalas na nahihirapan sa kumplikadong akademikong bokabularyo at mga teknikal na termino, na humahantong sa hindi tumpak na pagsasalin. Natuklasan ng pag-aaral na ang mga mag-aaral na patuloy na nakikibahagi sa akademikong pagbabasa at naglalapat ng mga estratehiya sa pagsasalin, tulad ng paghati-hati sa mga kumplikadong parirala, ay may posibilidad na mapabuti sa paglipas ng panahon. Dagdag pa rito, binigyang-diin ng pag-aaral na ang regular na pagsasanay at pagkakalantad sa akademikong wika ay tumutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng kumpiyansa sa pagsasalin ng mga akademikong teksto. Ang mga natuklasan ay nagmumungkahi na ang tiyaga, kasama ang mga epektibong estratehiya, ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na malampasan ang mga kahirapan sa pagsasalin ng akademikong pananaliksik.

Ayon naman sa pag-aaral ni Alico (2020), ang pagsasalin ng akademikong pananaliksik ay nagtatanghal ng natatanging mga hamon para sa mga mag-aaral, lalo na sa pagpapanatili ng integridad ng orihinal na nilalaman. Ang mga resulta ng pag-aaral ay natuklasan na ang mga mag-aaral ng medyor sa Fiipino ay madalas na nakakaharap ng mga leksikal, gramatikal, at kultural na hadlang kapag nagsasalin ng mga akademikong teksto. Ang mga hamon na ito ay nangangailangan hindi lamang ng kakayahan sa wika kundi pati na rin ng malalim na pag-unawa sa paksa. Bukod dito, ang mga mag-aaral ay gumamit ng mga epektibong estratehiya upang malampasan ang mga hadlang na ito kasama ang mga kooperatibong pagsasanay sa pagsasalin at ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagsasalin.

Isiniwalat ng unang tema na ang mga mag-aaral ng BSEd Filipino ay mayroong pagtatamo sa **paggamit ng *machine translator* sa pagsasalin**. Ang paggamit ng machine translator sa pagsasalin ay nagpapagaan at nagpapabilis sa gawain ng isang mag-aaral sa pagsasalin. Ito'y hindi simpleng paggamit lamang ng machine translator sa pagsasalin sapagkat alam natin na hindi lahat ng mga isinasalin ng translator ay wasto at tama ang pagkakatumbas. Nagdudulot din ito sa atin ng isang malaking hamon sapagkat mahalaga pa rin ang papel ng tao sa proseso ng pagsasalin upang matiyak ang kalidad, kahusayan, at kasanayan ng pagsasalin.

Isang pag-aaral ang sumasang-ayon kina Chen at Liu (2020) na kung saan ipinakita nila ang mga limitasyon ng machine translation sa kalidad ng pagsasalin kumpara sa kakayahan ng tao. Bagamat ang mga machine translator ay may kakayahan na mabilisang isalin ang mga teksto, hindi pa rin nito naaabot ang antas ng kalidad at kasanayan ng tao sa pagsasalin. Isa sa mga pangunahing limitasyon ng machine translation ay ang kakulangan nito sa pang-unawa sa konteksto at kahulugan ng mga salita at pangungusap. Ang mga algorithm ng machine translator ay nagbabatay lamang sa paghahanap ng mga parirala at disenyo sa mga teksto upang magbigay ng pagsasalin. Ito ay nagreresulta sa mga pagsasalin na maaaring hindi tumpak o hindi natural ang dating, lalo na sa mga teksto na may mga subteksto o kultural na nuances.

Suportado naman ito ng pag-aaral ni Carl (2022) na kung saan binigyang-diin niya ang mahalagang papel ng interaksyon sa pagitan ng teknolohiya at tao sa larangan ng pagsasalin. Ang akdang ito ay nagbibigay ng isang malalim na pagsusuri kung paano ang mga teknolohiya, tulad ng machine translation (MT), ay ginagamit at isinasaalang-alang sa proseso ng pagsasalin, at kung paano ito nakakaapekto sa papel ng mga tao sa proseso. Ayon sap ag-aaral na ito ang pangangailangan para sa mga tagasalin na magkaroon ng wastong kasanayan at kaalaman sa paggamit ng mga teknolohiya upang maging epektibo sa kanilang trabaho. Ang paggamit ng MT at iba pang teknolohikal na tool ay nangangailangan ng patuloy na pagsasanay at pag-aangkop sa mga bagong pamamaraan.

Ang ikalawang tema ng pag-aaral ay nagsiwalat na ang mga mag-aaral ng BSEd Filipino ay may **pag-unawa sa pangunahing diwa bago isalin**. Kapag nauunawaan ng nagsasalin ang pangunahing mensahe ng teksto, mas madaling maipapakita ang tamang tono, istilo, at konteksto sa panibagong wika. Ito ay nagtutulak ng mas malalim na kahulugan at nagpapahayag ng tamang emosyon at kaisipan na ipinapalagay ng orihinal na teksto. Sa madaling salita, ang pag-unawa sa pangunahing diwa ay nagiging pundasyon para sa isang matagumpay na pagsasalin.

Lumabas sa pag-aaral ni Wang (2019) kung saan hinggil sa mga estratehiya ng pagsasalin, ipinakita niya na ang pag-unawa sa pangunahing diwa ng teksto ay may malaking impluwensya sa kalidad ng pagsasalin. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa pangunahing diwa, ang tagasalin ay nagiging mas handa na makipag-ugnayan sa kulturang pinagmulan ng teksto at magbigay-buhay sa mga kaisipan at damdamin na nais iparating ng may-akda.

Sang-ayon naman ito sa pag aaral ni Baker (2022), kung saan ang mga pangunahing aspeto ng pagsasalin, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-unawa sa diwa at konteksto ng orihinal na teksto upang maiparating ang tamang kahulugan sa target na wika. Binibigyang-diin na upang makamit ang maayos na pagsasalin, mahalagang maunawaan ang pangunahing diwa ng orihinal na teksto. Ang ibig sabihin nito ay hindi lamang dapat malaman ang literal na kahulugan ng mga salita, kundi pati na rin ang mas malalim na konteksto at layunin ng teksto.

Ang ikatlong tema ng pag-aaral ay nagsasaad na ang mga mag-aaral ng BSEd Filipino ay nasa **paglaan ng oras sa pagsasalin**. Ang pamamahala sa kahirapan nang pagtuturo ng minoryang asignatura ay isang mahalagang aspeto ng edukasyon na nagbibigay-tuon sa pag-aangkop at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga estudyante mula sa iba't ibang kultura at komunidad. Ito ay nagpapakita ng pagmamalasakit sa pagkakaiba-iba at pagkakakilanlan ng mga estudyante, at naglalayong mabigyan sila ng makabuluhang pagkakataon na makakuha ng mataas na kalidad na edukasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Binibigyang-diin ng pag-aaral nina Sinulingga et al. (2023) na ang pagsasalin ng teksto, partikular sa Filipino, ay nangangailangan ng mga tiyak na proseso at sapat na paglalaan ng oras. Dagdag pa rito, ang proseso ng pagsasalin na nangangailangan ng takdang oras ay may malaking ambag sa mas mahusay na produkto ng pagsasalin. Natuklasan sa resulta na ang mga tagasalin ay naglaan ng mas maraming oras sa yugto ng pagbabalangkas at ginamit ang mga linear at inline na pamamaraan sa proseso ng pagsasalin. Natuklasan din na ang mga tagasalin sa Filipino ay nakatuon sa pagsasalin ng bawat salita, parirala, at talata. Samakatuwid, napagpasyahan na ang mga aktibidad sa bawat yugto ng proseso ng pagsasalin ay may ambag sa malaking resulta ng pagsasalin.

Ayon naman sa pag-aaral nila Hatim, et al. (2019), ang oras na inilaan sa pagsasalin ay mahalaga upang matiyak ang kalidad ng produkto. Ang mga tagasalin ay kailangan ng sapat na oras upang magsagawa ng masusing pagsusuri at pag-aangkop ng orihinal na teksto. Ang prosesong ito ay maaaring maglaman ng mga hakbang tulad ng pag-unawa sa konteksto, pagsasalin ng mga terminolohiya, at pagtiyak na ang target na wika ay wasto at angkop.

May iilang mga teksto na mahirap talagang hanapan ng mga katumbas na siyang nagpapahirap sa mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa pagsasalin. Ang **paghahanap ng karagdagang impormasyon sa internet** ang isa sa kanilang naging paraan upang malagpasan ang hamon na kanilang kinakaharap.

Sa pananaliksik ni Smith (2021), ang paggamit ng internet bilang kasangkapan sa pagsasalin ay nagbibigay sa mga tagasalin ng kakayahan na ma-access ang napakaraming impormasyon at mapagkukunan na makakatulong sa kanila na mapabuti ang kanilang mga ginagawang pagsasalin. Ang mga online dictionaries, glossaries, at iba pang mga reference material ay mahalagang mga kasangkapan para sa mga tagasalin.

Ayon sa pag-aaral ni Zhang (2020) binigyang-diin ang kahalagahan ng paggamit ng mga corpus-based tools, na maaaring ma-access sa internet, bilang isang mahalagang suporta sa proseso ng pagsasalin. Ang mga corpus-based tools ay mga software at online resources na naglalaman ng malalaking koleksyon ng mga teksto na maaaring suriin at pag-aralan ng mga tagasalin upang makakuha ng mga tiyak na termino at wastong konteksto para sa kanilang isinasalin na mga materyal. Ang paggamit ng corpus-based tools ay nagbibigay sa mga tagasalin ng kakayahang suriin ang mga pattern ng paggamit ng wika, tulad ng mga kolokasyon, mga anyo ng gramatika, at iba pang aspeto na maaaring hindi madaling makita sa pamamagitan ng tradisyonal na mga diksyunaryo o iba pang sanggunian.

**Pananaw ng mga Mag-aaral Hinggil sa Pagsasalin ng mga Teksto mula Ingles Tungo sa Filipino.** Ang tanong sa pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang mga pananaw ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino patungkol sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Nilalayon nitong tuklasin kung paano napalalayag ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino ang kanilang kabatiran at pagninilay sa epektibong pagsasalin ng mga akademikong teksto. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang mga karanasan, ang pananaliksik ay naglalayong magbigay ng liwanag sa mga potensyal na hadlang, estratehiya, at implikasyon sa pagsasalin ng mga akademikong teskto mula Ingles tungo sa Filipino.

Napagtanto ng mga kalahok na ang kahalagan ng pagsasalin ng mga akademikong teksto ay mahalaga upang maiwasan ang mga kahirapan. Dagdag pa ng mga kalahok, ang **kahalagahan ng pagsasanay ay bigyang halaga** ay hindi maaaring palampasin, sapagkat ito ay nagtatakda ng pundasyon para sa mataas na kalidad ng pagsasalin. Ang mga tagasalin na sumasailalim sa masusing pagsasanay ay nagkakaroon ng mas malalim na kaalaman sa teknikal at kultural na aspeto ng wika, na nagbibigay-daan sa kanila na gumawa ng mas tumpak at epektibong mga salin.

Bukod pa rito, sa pag-aaral ni Olohan (2019), binigyang-diin na sa halip na magtuon sa mga prosesong kognitibo na kaugnay sa pagsasalin o sa mga tampok na tekstuwal na resulta, ang pokus ay lumilipat patungo sa mismong gawain ng pagsasalin. Ang ganitong pagdulog ay nagsasaalang-alang ng "pagkakaalam-sa-praktika" bilang kaalaman na umusbong sa pamamagitan ng aktuwal na pagsasalin, sa halip na isang umiiral na estado ng kamalayan. Ipinakita ng pag-aaral na ang ganitong uri na nakatanim at nakapaloob na kaalaman ay hindi lamang namamagitan sa mga materyal at diskursibong mga salik, kundi nagaganap din sa praktikal na konteksto ng pagsasalin. Dahil dito, sumusuporta ito sa pananaw na nagpapakita kung paano ang pakikipag-ugnayan ng tao at materyal ay mahalaga sa paghubog ng proseso ng pagsasalin sa pamamagitan ng unti-unting pagsasanay.

Sang-ayon din ito sa pag-aaral ni Merino (2020), na kung saan ay binigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng pagsasanay sa pagsasalin ng mga teksto sa Filipino, na mahalaga para sa paglinang ng mabisang kasanayan sa pagsasalin. Natuklasan na ang tuloy-tuloy na pagsasanay ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na lumipat mula sa pag-unawa sa mga tuntunin ng gramatika at bokabularyo tungo sa paggamit ng mga ito nang maayos sa konteksto. Bukod pa rito, ipinakita rin na ang pakikisalamuha sa iba't ibang teksto sa pamamagitan ng mga praktikal na gawain ay nagpapalawak ng kamalayan ng mga mag-aaral sa kultura at kontekstuwal na pag-unawa, na nagreresulta sa mas tumpak na pagsasalin.

Ang **kahalagahan ng malawak na kaalaman** ay tunay na kapaki-pakinabang na kasangkapan, sapagkat ang pagsasalin ay hindi isang madaling bagay. Ang isang mahusay na tagasalin ay kailangang magkaroon ng malawak na kaalaman at malalim na pag-unawa sa konteksto ng parehong pinagmulan at target na mga wika. Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman ay isang mahalagang aspeto ng pagiging isang epektibong tagasalin. Ito ay nagbibigay ng pundasyon para sa masusing pag-unawa, tamang interpretasyon, at wastong pagsasalin ng mga teksto mula sa isang wika patungo sa iba.

Lumabas sa pag-aaral ni Bassnet (2022) binigyang diin na ang isang tagasalin ay dapat magkaroon ng malalim na pag-unawa sa mga larangan ng kultura, kasaysayan, at wika upang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

makapagbigay ng tumpak at epektibong pagsasalin. Ang kaalaman sa kultura at kasaysayan ay tumutulong sa tagasalin na maunawaan ang mga implikasyon at konotasyon ng mga salita at parirala sa orihinal na teksto, na kinakailangang isaalang-alang kapag isinasalin ang mga ito.

Sa pag-aaral ni Kilaton (2024), batay sa mga natuklasan, mahalaga para sa mga mag-aaral at guro na magkaroon ng malalim na kaalaman at kasanayan, tulad ng pag-unawa sa mga konteksto, wika, at kultura, lalo na sa wikang Filipino. Dagdag pa rito, ang paggamit ng mga mapagkakatiwalaang sanggunian tulad ng mga diksyunaryo at materyal na may kaugnayan sa pagsasalinna kung saan ay mahalaga upang masiguro ang tamang pag-unawa at paggamit ng mga salita, at ang regular na pagsasanay ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalin. Bukod dito, binibigyang-diin din ng pag-aaral ang kahalagahan ng pagbibigay ng puna sa mga estudyante upang matulungan sila na mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagsasalin.

Inilahad naman ng ikatlong tema ang **kahalagahan ng pagbabasa sa pagpapalawak ng kaalaman**. Kinikilala ng mga kalahok sa pag -aaral na natagpuan nila ang kahalagahan sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino kahit na may kahirapan at hadlang ito. Inilahad nila ang kanilang mga karanasan at kahalagahan upang mapahusay ang kanilang pagsasalin bilang kanilang gawain bilang isang mananaliksik ng mga akademikong teksto.

Batay sa resulta ng pag-aaral ni Willingham (2021) na kung saan nagbigay-diin sa mga kognitibong proseso na nakatuon sa pagbabasa at ang papel nito sa pagpapalawak ng kaalaman at pagpapabuti ng mga kasanayan sa pag-iisip. Ayon kay Willingham, ang proseso ng pagbabasa ay hindi lamang isang mekanikal na aktibidad kundi isang kumplikadong kognitibong gawain na kinapapalooban ng iba't ibang mental na proseso, kabilang ang pag-decode ng mga simbolo, pagbuo ng kahulugan, at ang integrasyon ng bagong impormasyon sa umiiral na kaalaman. Ang mga prosesong ito ay mahalaga sa pagbuo ng malalim na pag-unawa at pagpapalawak ng kaalaman sa isang partikular na larangan o paksa.

Ayon sa pag-aaral ni Pradani (2021), mahalaga ang pagbabasa sa pagpapalawak ng kaalaman, partikular sa konteksto ng Filipino, dahil inilalantad nito ang mga indibidwal sa iba't ibang pananaw, kultura, at ideya. Natuklasan na ang pakikisalamuha sa iba't ibang teksto ay nagpapahusay sa kasanayan sa kritikal na pag-iisip at pag-unawa, na nagbibigay-daan sa mga mambabasa na masuri at maisama nang epektibo ang impormasyon. Bukod dito, ipinakita na ang pagbabasa ng panitikang Filipino ay may kaugnayan sa pagpapabuti ng bokabularyo at kasanayan sa wika, na mahalaga para sa mabisang komunikasyon. Dagdag pa rito, ang paglinang ng gawi sa pagbabasa ay hindi lamang nagpapayaman ng kaalaman kundi nagbibigay-kapangyarihan din sa mga indibidwal na makilahok nang makabuluhan sa lipunan at makatulong sa kanilang mga komunidad.

Ang tamang pagsasalin ng akademikong teksto ay mahalaga para sa malawakang pag-access sa kaalaman at impormasyon, at upang magkaroon ng positibong epekto sa akademikong komunidad. Ang **kaalaman sa pagsasalin ay mahalaga** na siyang pinatunayan ng mga kalahok sa pag-aaral na ito. Karamihan sa kanilang sagot ay upang mapalaganap ang kanilang kaalaman at impormasyon sa mga wika na siyang gagamitin sa pagsasalin.

Ayon sa pag-aaral ni Schulte (2020), ang kaalaman sa pagsasalin ay tumutulong sa pagtutuwid ng mga pagkakaintindi at pag-iwas sa mga misinterpretasyon na kung saan ay mahalaga para sa malinaw at epektibong komunikasyon sa pagitan ng mga taong may iba't ibang wika at kultura. Pinapalawak nito ang ating kaalaman sa impormasyon at kaalaman mula sa isang wika patungo sa iba. Sa mga larangan tulad ng agham, teknolohiya, at edukasyon, ang tumpak na pagsasalin ay kritikal para sa pagbuo at pagbabahagi ng bagong kaalaman. Ang kaalaman sa pagsasalin ay hindi lamang tungkol sa pagiging bihasa sa dalawang wika, kundi pati na rin sa pag-unawa sa mga konteksto, kultural na nuances, at estratehiya na kinakailangan para sa epektibong pagsasalin.

Sang-ayon din ito sa pag-aaral nina Jumharia at Rusni (2018), na binigyang-diin na ang pagkakaroon ng kaalamang pangkultura sa konteksto ng Filipino ay mahalaga para sa mga mag-aaral na sumasailalim sa proseso ng pagsasalin. Natuklasan na ito ay nagbibigay-daan sa kanila na maunawaan ang mga pahiwatig at konteksto ng pinagmulan ng teksto. Dahil dito, ang pagsasama ng kaalamang pangkultura ay tumutulong sa mga mag-aaral na kilalanin ang ugnayan ng wika at kultura. Kung walang ganitong pang-unawang kultural, maaaring makagawa ang mga mag-aaral ng mga literal na pagsasalin na hindi naipapahayag ang tamang kahulugan. Samakatuwid, ang parehong kasanayan sa wika at kasanayan sa kultura ay mahalaga para sa mabisang pagsasalin, na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makagawa ng mas tumpak at makahulugang pagsasalin para sa kanilang mga mambabasa.

**Implikasyon sa Kasanayang Pagtuturo**

Ang resulta sa pananaliksik na ito ay nagsiwalat ng eksakto at mahalagang patotoo hinggil sa karanasan ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nagsilbing hamon sa lahat ng mga mag-aaral na may kahirapang dinaranas sa paghahanap ng tamang tumbas sa wikang Filipino.

Samakatuwid, iminumungkahi ng mananaliksik na ang pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral ay mas pagtibayin pa at gawing seryoso upang magkaroon sila ng sapat na kaalaman sa wika maging na rin madagdagan ang kanilang bokabularyo nang sa ganun ay hindi na sila mahirapan pa sa hinaharap. Higit pa rito, ito ay isang panawagan na rin para sa mga mag-aaral na gawin ang kanilang parte. Kung nahihirapan man sila ngayon ay sana magsilbi itong aral at leksyon na gawin at sundin ang naisip nilang kaparaanan upang mapagtagumpayan ang mga hamon maging ang mga napagtanto nila.

Sa Commission on Higher Education (CHED) at mga tagapamahala ng kolehiyo dahil sila na ang mas magpapalawig sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral. Magiging mulat ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mga Filipino Major na mga guro rito na hindi pala pwedeng ipagsawalang-bahala ang pagtuturo dahil malaki ang epekto nito sa mga mag-aaral lalo na sa pagsasalin maging sa pagsasalita. Marami pa rin sa mga mag-aaral ngayon ang nahihirapan sa pagsasalin ng wikang Filipino sa mga teksto na mula Ingles. Mahalagang malaman ito ng lahat dahil isa ito sa magiging susi upang mapanatili pa rin ng Pilipinas ang orihinal na wika at hindi ito tuluyang mawala. Hindi dapat kalimutan na malaki ang epekto kung mahihirapan sa pagsasalin ang mga mag- aaral dahil magiging basehan ito na mas maraming natutuhan ang mga ito sa asignaturang Ingles kaysa sa Filipino. Mahalagang maunang maimulat nang nasa itaas ang resulta at tumbok ng pananaliksik na ito dahil sa kanila nagsisimula ang pagpapayabong ng ating wika- kung may gagawin o babaguhin sila sa sistema ng edukasyon ngayon na hindi rin maiwawaglit na malaki ang naging epekto nito sa asignatura at wikang Filipino. Sila dapat ang maunang makaalam kung ano ang dapat gawin nang sa ganun ay hindi na maulit o mahirapan ang mga mag-aaral sa pagsasalin at maging sa paghahanap ng tamang tumbas ng mga salita na mula sa Ingles tungo sa Filipino.

Bilang karagdagan, iminumungkahi rin na ang mga kaugnay na pananaliksik sa hinaharap tungkol sa ganitong uri ng pag-aaral ay dapat na isagawa upang masubaybayan ang mga resulta ng mga pagbabagong nagaganap sa mga mag-aaral hinggil sa tamang pagkatuto nila ng wika at sa paggamit nito. Sa susunod na mga mananaliksik, nawa'y maipagpatuloy nila ang adhikain na maaksyunan kaagad ang mga suliraning kinakaharap ng lipunan partikular na sa mga mag-aaral na lubusang nahihirapan ngayon sa wikang Filipino mapasalin man o sa bokabularyo mismo.

Ang kaalaman sa mga nabanggit na paraan ng pagsasalin ay mahalaga sa lahat dahil ito ang tutulong upang mapanatili ang paggamit ng wikang Filipino sa Pilipinas at maiwasan ang ganap na pagpalit nito ng wika ng ibang bansa. Ang tamang kaalaman sa wika ay isang malaking bahagi, sapagkat kung hindi ito bibigyan ng sapat na pansin, maaaring unti-unti nang mawala at mapalitan ng Ingles ang ating sariling wika.

Mula sa mga temang lumabas sa pakikipanayam sa mga kalahok, malinaw na lumilitaw ang malubhang hamon na hinaharap ng mga ito, pati na rin ng iba pang mga mag-aaral sa Pilipinas. Isa sa mga pangunahing problema na kanilang kinakaharap ay ang walang sapat na kaalaman sa pagsasalin, pati na rin ang paghahanap ng mga tamang tumbas ng mga salita dahil sa limitadong kaalaman sa bokabularyo. Sa kanilang mga karanasan, natutuhan nila ang halaga ng pagharap sa mga hamon at ang pangangailangan na magpatupad ng mga hakbang upang maiwasan ang mga ganitong pagsubok sa hinaharap.

Bilang isang mananaliksik at guro sa hinaharap, napansin ko ang pangangailangan para sa isang pag-aaral o pananaliksik hinggil sa kasalukuyang isyu tulad ng hirap sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Sa pamamagitan ng mga tema na lumitaw, maipapakita ko na may mga karanasan tayong kailangang harapin bago natin mapagtanto ang mga posibleng solusyon at hakbang na pwede nating gawin upang malagpasan ang mga hamon na ito at maiwasan ang mga ito sa hinaharap. Napansin ko rin na madalas tayong nababalot ng iba't ibang aspeto na nakakaapekto sa ating kaalaman, kumpyansa, at kakayahan sa pagsasalin. Ang limitadong kaalaman sa wikang Filipino ay maaaring maging hadlang din sa tamang pagsasalin na maaaring magresulta sa hindi magandang tumbas sa isinalin.

Ang mga natutuhan at aral na nakuha ng mga kalahok ay mahalaga na ibahagi sa lahat ng mga mambabasa ng pananaliksik na ito, lalo na sa mga taong mayroon ding mga hamon sa pagsasalin tulad nila. Ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing gabay at inspirasyon para sa mga mag-aaral at guro upang matutuhan ang mga bagong leksyon at makakuha ng bagong pananaw sa usaping ito. Mahalaga ang pananaliksik na ito para sa lahat, dahil ito ay naglalayong mapabuti ang kalagayan ng parehong guro at mag-aaral.

Bilang isang mag-aaral na kasalukuyang kumukuha ng kurso sa Filipino at balang araw ay maging isang guro rin sa asignaturang ito, plano kong gamitin ang mga natutuhan sa pag-aaral na ito upang maiwasan ang mga negatibong karanasang nararanasan ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng tamang pagsalin. Ang mga aral na kanilang natutuhan ay magiging gabay ko sa pagtuturo upang mapadali ang kanilang pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik at mapalawak pa ang kanilang kaalaman. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga ito, inaasahan kong maging mas magaan at mas maganda ang kanilang karanasan sa pagsasalin ng mga akademikong pananaliksik.

**Implikasyon para sa Karagdagang Pag-aaral**

Ang implikasyon para sa susunod na pananaliksik ay upang palawakin ang laki ng sampol at konteksto ng pag-aaral. Ang kasalukuyang pag-aaral, na nakatutok lamang sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga akademikong tekso mula Ingles tungo sa Filipino, na kung saan ay may limitadong laki ng sampol at makitid na konteksto na maaaring tugunan ng mga hinaharap na mananaliksik ang mga limitasyon nito sa pamamagitan ng pagsasama ng mas malaki at mas magkaibang sampol ng mga mananaliksik na nakaranas ng kahirapan sa pagsasalin. Sa paggawa nito, makakamit ang isang mas komprehensibong pag-unawa sa mga buhay na karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga akademikong teskto mula Ingles tungo sa Filipino.

Sa pag-aaral na ito, ito ay nagpapagaan sa mga makabuluhang pagpapabuti sa kakayahang pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino na sinusunod ng mga mag-aaral. Gayunpaman, nahaharap din sila sa mga hamon kapag nagkaroon ng kahirapan sa paghahanap ng tamang panumbas na salita sa kanilang ginawang pagsasalin, na itinampok ang kanilang kasanayan at hamon sa paksa.

Ayon sa mga mungkahi sa seksyong ito, maaaring gayahin ng ibang mga mananaliksik ang pananaliksik na ito sa kanilang sariling konteksto na kung saan ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino ay alalahanin. Sila ay higit na malugod na tinatanggap na gumamit ng parehong pamamaraan ng pananaliksik o subukan ang iba't ibang paraan upang suportahan o pabulaanan ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito. Ang iba pang mga mananaliksik ay maaaring tumingin sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagtaas ng laki ng sampol upang masakop ang mas makabuluhang mga kwento sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin bilang mga kalahok sa pag-aaral. Upang mapagkatiwalaan ang mga resulta ng pananaliksik maaaring ulitin ng mga mananaliksik sa hinaharap ang pag-aaral gamit ang iba't ibang mga site ng pananaliksik.

**Panapos na Pahayag**

Ang pagsagawa ng pananaliksik na ito ay hindi naging madali sapagkat maraming mga pagkakataon na nawawalan ang mga estudyante ng motibasyon para magpatuloy. Isang pagsubok para sa mananaliksik ang gumawa ng kwalitatibong pananaliksik, ngunit naging makabuluhan ang paglalakbay at pagtuklas sa iba't ibang mga karanasan, saloobin at pananaw ng mga estudyante kung saan naramdaman ng mananaliksik ang kanilang mga hinaing sa buhay bilang isang mag-aaral.

Sa konklusyon, isiniwalat ng pag-aaral na ang mga kalahok ay may iba't ibang karanasan, tulad ng kakulangan sa kaalaman, limitadong bokabularyo, kahirapan sa paghahanap ng salitang panumbas sa wikang ingles tungo sa filipino, at kahirapan sa pagsalin sa mga bagong terminolohiya. Bilang karagdagan, ang mga kalahok ay gumagamit ng iba't ibang mga mekanismo ng pagkaya, tulad ng paggamit ng machine translator sa pagsasalin, pag-unawa sa pangunahing diwa bago isalin, paglaan ng oras sa pagsasalin, at paghahanap ng karagdagang impormasyon sa internet. Higit pa rito, ang mga kalahok ay nagbahagi ng mahahalagang pananaw tungkol sa pag-aaral, na binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagsasanay ay bigyang halaga, kahalagahan ng malawak na kaalaman, kahalagahan ng pagbabasa sa pagpapalawak ng kaalaman, at kaalaman sa pagsasalin ay bigyang halaga.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ng BSEd Filipino ay naobserbahan ang mga makabuluhang pagpapabuti sa kanilang ginagawang pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino. Ipinahayag nila ang pagtaas ng tiwala sa kanilang kakayahang magsalin, magpalawak ng kaalaman at bokabularyo, at pagbibigay ng halaga sa kanilang ginagawang pagsasalin.

Gayunpaman, nahaharap din sila sa mga hamon kapag nagsasalin na ng mga akademikong teksto sa pananaliksik, lalo na dahil sa kakulangan ng sapat na kaalaman sa pagtumbas ng tamang salita. Ang kakulangan ng kasanayan sa pagsasalin ng mga akademikong teksto mula Ingles tungo sa Filipino at pag-aalinlangan tungkol sa pagiging epektibong tagapagsalin ay lumilikha ng pagdududa sa sarili at pag-alangan. Sa kabila ng mga hamong ito, kinikilala ng mga mag-aaral ng BSEd Filipino ang kahalagahan ng pagsasalin ng mga akademikong teksto upang mas mahusay na tagapagsalin at maging tagapagturo sa susunod pang mga mananaliksik.

## TALASANGGUNIAN

1. *Alico, M. A. (2020). Overcoming Lexical, Grammatical, And Cultural Barriers in Academic Translation: Insights from Filipino students.*
2. *Anwar, F. (2020). Strategies and Techniques of Translation in Translating Songs as 21st Century Curriculum. XYZ Publishing.*
3. *Astria, S., & Rusdi, N. R. (2020). An analysis of translation problems faced by the third year English Department students of UNP in translating historical recount text. Journal of English Language Teaching, 9(4), 682-691.*
4. *Baker, M. (2022). Training for Translators: Enhancing Skills and Knowledge. Journal of Translation Studies, 12(4), 98-112.*
5. *Bassnett, S. (2022). Translation Studies. Routledge.*
6. *Brannan, J. et al., (2020), Bisa ng wikang Filipino at Ingles sa Sabjek na Araling Panlipunan sa mga Pampribadong Paaralan ng Domaguete City. Sapat na Angkop na Wikang Gamitin sa Pagtuturo ng mga Asignatura sa higit na Pagkatuto ng Mag-aaral: Isang Pagsusuri.*
7. *Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3:2, 77-101*
8. *Carl, M. (2022). Translation technology and the human factor. Cambridge Scholars Publishing.*
9. *Chen, X., & Liu, Y. (2020). The Impact of Machine Translation on Translation Quality: A Study on English to Chinese Translation. Journal of Translation Studies, 8(2), 45-62.*
10. *Creswell (2013). Qualitative inquiry & research design: Choosing among five approaches*
11. *Garcia, M., & Lee, J. (2023). Challenges In Translating New Terminologies In Language Acquisition: Contextual Meaning And Vocabulary Exposure. Journal of Language Learning and Translation Studies, 15(2), 45-58.*
12. *Hatim, Basil, and Ian Mason. The Translator as Communicator. Routledge, 2019.*
13. *House, J. (2021). Translation Quality Assessment: Past and Present. London: Routledge.*
14. *Jumharia, D. & Rusni, R. (2018). Translation Study: How Crucial Is Cultural Knowledge for Students as The Translators? IDEAS. Journal on English Language Teaching and Learning Linguistics and Literature.*
15. *Khan, S. (2020). Qualitative Research: People, Practices and phenomena (Vol. 30). Publications of the University of Eastern Finland General Series.*
16. *Loan, N. H., Nhi, L. T., Quy, L. M., & Trinh, N. D. (2022). The Problem of Finding Equivalent Words While Translating for English-Majored Students (High Quality Program) Course 45. European Journal of Multilingualism and Translation Studies, 2(1), 31-50.*
17. *Merino, I. (2020). The Relevance of Practice for Translators: The Revised Theory of Translation.*
18. *Napu, N., & Hasan, M. (2019). Developing EFL students' writing skill through project-based learning. Journal of English Education and Linguistics Studies, 6(1), 21–36.*
19. *Nord, C. (2022). Text analysis in translation: Theory, methodology, and didactic application of a model for translation-oriented text analysis.*
20. *Olohan, M. (2019). Knowing In Translation Practice: A Practice-Theoretical Perspective. Translation Studies.*
21. *Pradani, A. (2021). The Importance of Reading to Expand Knowledge.*
22. *Pym, A. (2021). Exploring Translation Theories. 2nd ed. Routledge.*
23. *Ramirez, J. (2022). The role of translation in bridging cultural and linguistic gaps. Journal of Translation Studies, 14(2), 45–60.*
24. *Reyes, M. (2023). Exploring translation techniques: Bridging cultural and linguistic divides. Journal of Translation Studies, 15(1), 12–34.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

25. *Santos, R. (2022). Overcoming Challenges in Translating Academic Research: The Role of Practice and Strategy. Journal of Academic Language and Translation*
26. *Schulte, R. (Ed.). (2020). Translation Review. Routledge.*
27. *Smith, J. (2021). The Role of Online Resources in Translation. Translation Journal, 15(1), 35-48.*
28. *Sinulingga, A., Sofyan, R., & Mono, U. (2023). Time Management and Translation Method In Translating A Scientific Article: A Case Study On A Professional Translator. JOALL (Journal of Applied Linguistics & Literature).*
29. *Toury, G. (2012). Descriptive Translation Studies – and beyond (Rev. ed.). John Benjamins Publishing.*
30. *Venuti, L. (2019). The translator's invisibility: A history of translation (2nd ed.). Routledge.*
31. *Wang, L. (2019). The Role of Understanding the Main Idea in Translation. Journal of Translation Studies, 7(1), 32-45.*
32. *Willingham, D. T. (2021). The Reading Mind: A Cognitive Approach to Understanding How the Mind Reads. Jossey-Bass.*
33. *Zhang, M. (2020). Corpus Applications in Applied Linguistics. Springer.*